

Mga Magulang/Tagapag-alaga,

Kagaya ng [ibinahagi noong Mayo](#), ang Toronto District School Board (TDSB) ay hihiling sa mga pamilya na kumpletuhin ang isang Form ng Pagpili (Selection Form) para sa In-Person o Virtual na Pag-aaral para sa taon ng paaralang 2021-22.

Sa loob ng nakaraang ilang linggo, ang mga kaso ng COVID-19 sa Toronto ay patuloy na bumaba, at nakakita tayo ng makabuluhang pag-unlad sa pamamagitan ng mga bakuna sa mga nasa hustong gulang at mga bata na edad 12-17. Ito ay nakakapagbigay-pag-asang balita, at inaasahan namin na muling makipag-ugnay sa lahat ng mga mag-aaral sa kanilang mga tahananang paaralan at malugod silang tanggapin nang personal sa Setyembre.

Habang ang mga kahilingan para sa Virtual na Pag-aaral ay paluluwagan kung saan kinakailangan, masidhi naming hinihikayat ang lahat ng mga mag-aaral na pumili ng In-Person na Pag-aaral. Batay sa aming data sa TDSB tungkol sa kung ano sa pakiramdam ng mga mag-aaral sila pinakamahusay na natututo, at sa magagamit na data na tungkol sa mga mag-aaral na bumabalik sa In-Personna Pag-aaral, kumpiyansa kami na ito ang pinakamahusay na mapipili para sa mga mag-aaral pagkatapos ng naging isang mapaghamon na taon.

Maaaring makumpleto ng mga pamilya ang Form ng Pagpili para sa In-Person o Virtual na Pag-aaral sa online mula **Huwebes, Agosto 5 hanggang Huwebers, Agosto 12**.

Ang isang email na may isang link ng Form ng Pagpili ay ipapadala sa **Huwebes, Agosto 5**. Ang mga pamilyang may dalawa o higit pang mga anak ay makakatanggap ng magkahiwalay na email at link para sa bawat mag-aaral. Dapat makumpleto ng mga pamilya ang Form ng Pagpili gamit ang link na ibinigay.

Ang mga walang email address sa file sa TDSB ay makakatanggap ng isang tawag sa telepono upang makumpleto ang Form ng Pagpili sa pagitan ng Agosto 10 at 12. Ang mga mag-aaral ay ilalagay sa In-Person na Pag-aaral kapag hindi namin natanggap ang isang nakumpletong Form ng Pagpili sa Agosto 12.

Salamat sa inyong kooperasyon habang magkakasama tayong naghahanda para sa isang maayos na pagbubukas sa taon ng paaralan.

Para sa karagdagang impormasyon, pakibisita ang www.tdsb.on.ca/School-Year-2021-22/2021-22-Selection-Form.